



ADMINISTRATIVE PROCEDURE

KATEGORIYA: **Mga Mag-aaral, Disiplina**

PAKSA: **Pagpatalsik**

A. LAYUNIN AT LAWAK

1. Upang balangkasin ang mga patakarang kinapapalooban ng pagpatalsik ng mag-aaral sa paaralan.
2. **May Kaugnayang mga Patakarang:**

Sariling Pag-aaral	4316
Suspensyon	6290
Alkohol, Tobako, at Ibang Droga	6298
Pambubuli sa Kapuwa Mag-aaral, Pambubuska o Panankot	6381
Talaan ng Mag-aaral, Pananatili at Paninira	6520
Pamimigay ng Uring Direktoryong Kaalaman ng Mag-aaral.....	6525

B. BATAYANG LEGAL AT PALAKAD

1. **Sanggunian:** Mga palakad ng Board A-3700, F-3100, F-6000, H-5000, H-6000, H-6800, H-6900, H-6940, H-6950, at H-8900; Pinagtibay ng Board noong 7-29-14 tungkol sa disiplina, walang pagpapabaya at pagbabalik katarungang kaugalian; California Education Code §48900 *et seq.*, at 49079; California Code of Regulations, Title 5, §305; California Penal Code §240, 242, 245.6(b), and 868.5; Health and Safety Code §11053 *et seq.*; 18 United States Code §921; Section 504 of the Rehabilitation Act of 1973.
2. **Palakad ng Distrito.** Lahat ng mag-aaral ay tutupad sa mga regulasyon, magsikap sa mga ipinatutupad na course of study, at sumunod sa kapangyarihan ng mga guro ng mga paaralan (Education Code §48908). Ang Board of Education ay sinusupportahan ang mga punong-guro, pangalawang punong-guro, tagapayo, guro, at mag-aaral ng paaralan sa pagpapanatili ng mabuti, ligtas, at masipag na kultura sa ating mga paaralan at sa lahat ng ginaganap na itinataguyod ng paaralan. Lahat ng mag-aaral ay may karapatan sa mataas na uring pag-aaral na sinusupportahan ng mga may disiplinang kaugalian na hindi tinatanggi ang mga mag-aaral sa paaralan o kaya itakwil sa pag-aaral maliban kung kailangang ingatan ang kaligtasan ng mga mag-aaral at kawani. Kung maaari, ang mga punong-guro ay hinihikayat na gamitin ang maraming pamagitan sa paglutas ng hindi magandang asal bago ang pagsangguni sa isang mag-aaral ng pagpatalsik. Ang mga paaralan ay magsasagawa ng mabubuting paraan ng pamagitan na kailangan sa pagtama ng kamalian ng mag-aaral

C. PANGKALAHATAN

1. **Pagsisimulang Tanggapan.** Ang mga mungkahi o katanungan tungkol sa patakarang ito ay dapat ibigay sa Placement and Appeal Office, Student Services Division.
2. **Mga Kahulugan.**
 - a. **Kahalili ng Punong-guro:** Isang nangangasiwang kawani na itinakda ng punong-guro, sa panulat, na tutulong sa mga patakarang disiplina. Isang pangalawang tao ang itatakda ng punong-guro, sa panulat, na maglilingkod bilang kahalili kapag ang punong-guro at ang pangunahing kahalili ay nakaliban sa paaralan. Ang mga pangalan ay dapat nakatago sa tanggapan ng punong-guro. Dapat gawin ito ng punong-guro ang pagtakda taon-taon.

PAKSA: **Pagpatalsik**

BILANG: **6295**

PAHINA: **2 NG 20**

MABISA: **1-29-62**

BINAGO: **9-15-14**

-
- b. **Kahalili ng Tagapamahala:** Para sa mga layunin ng patakarang ito, ang nangungunang pinuno ng Placement and Appeal Office, maliban kung nakasaad dito sa patakaran.
- c. **Suspensiyon:** Pansamantalang pagtanggap sa isang mag-aaral sa kasalukuyang pagtuturo sa paaralan sa layuning magawang isaayos, na nakabalangkas sa Administrative Procedure 6290. Ang mga sumusunod ay *hindi* kasali sa pormal na suspensiyon:
- (1) Muling pagtakda o pagsangguni sa ibang programa o klase ng pag-aaral sa kasalukuyang pinapasukan.
 - (2) Pagsangguni sa isang kawani ng distrito ng punong-guro upang payuhan ang mga mag-aaral.
 - (3) Muling pagtakda sa isang programang pansariling pag-aaral (Administrative Procedure 4316).
- d. **Pagpatalsik:** Pagtanggap sa isang mag-aaral sa tuwirang pangasiwa at control, o pangkalahatang pangasiwa, ng pinuno ng paaralan. Ang napatalsik na mag-aaral ay hindi maaaring sumali sa anumang programa o gawain sa distrito, kabilang ang anumang programang pansariling pag-aaral; gayunpaman, ang mag-aaral ay maaaring karapatdapat na dumalo sa programang pampaaralan ng distrito o lalawigan.
- e. **Nasuspendeng Pagpatalsik:** Kapagka rekomenda ng Expulsion Review Panel o ng nakikinig na pinuno, binabago ang utos ng pagpatalsik ng walang katiyakan ang pagtupad sa ilang kalagayan. Ang isang mag-aaral na ang pagpatalsik ay nasuspende sang-ayon sa Education Code §48917 ay maaaring maibigay ng Board of Education sa paaralan, sa kapalit na paaralan, sa klase, sa programang pansariling pag-aaral, o programang nararapat para sa pagbabago ng mag-aaral. Sa panahon ng nasuspendeng pagpatalsik, ang mag-aaral ay masasabing nasa “kalagayang pagsubok” Kapag kasiyasiyang natapos ang itinakdang pagbabago ng mag-aaral, ang Board of Education ay muling ibabalik ang mag-aaral sa isang distritong paaralan at maaari ring ipag-utos ang pagsira ng anuman o lahat ng talaan ng ginawang pagpatalsik.
- f. **Araw:** Isang araw ng kalendaryo maliban kung may tuwirang nabanggit.
- g. **Araw ng Pagpasok:** Isang araw ng pagpasok na bukas ang mga paaralan ng distrito, o araw sa buong linggo sa panahong namamahinga sa tag-init.
3. **Batayan ng Suspensiyon at/o Pagpatalsik.** Ang isang mag-aaral ay hindi isasangguni ng pagpatalsik maliban ang tagapamahala o punong-guro ng paaralan kung saan pumapasok ang mag-aaral ay napagtantong gumawa ng alinman sa mga sumusunod:

	Pagkakasala	Paglalarawan	Marka*
a.	Pagsalakay / Panggulpe	Kabilang ang dahilan, pagtangkang dahilan ng pananakit, o pananakot na dahilan ng pananakit sa kapuwa (kabilang ang mga kawani ng paaralan); kagustuhang paggamit ng malakas o	01

	Pagkakasala	Paglalarawan	Marka*
		karahasan sa kapuwa, maliban kung pagtanggol sa sarili; kabilang din ang pagtangkang manggahasa, at paggulpe sa kasarian.	
b.	Mga Sandata	Pagkaroon, pagtinda, o pagbigay ng kahit anong sandata, kahawig ng sandata, kutsilyo, pampasabog, o ibang mapanganib na bagay o gumamit ng kahit anong bagay na nananakot.	02
c.	Alkohol / Nakakalasing / Bawal na Sangkap	Kabilang ang labag sa batas na pagkakaroon, paggamit, pagtinda, o pamimigay o nasa ilalim ng nakakalasing na alcohol, o bawal na mga sangkap.	03
d.	Sangkap sa halip na Alkohol / Nakakalasing / Ipinagbabawal na Sangkap	Ipinadala, namigay, at/o nagtinda ng mga bagay na matatawag na alcohol, nakakalasing, o bawal na mga sangkap, subali't hindi mga naturang bagay.	04
e.	Pagnanakaw / Pamimilit	Nagkasala o nagtangkang magkasala sa pagnanakaw o pamimilit	05
f.	Paninira sa Pag-aari	Dahilan o nagtangkang maging dahilan ng paninira sa pag-aari ng paaralan o pribadong pag-aari.	06
g.	Pagnanakaw sa Pag-aari	Nagnakaw o nagtangkang magnakaw ng pag-aari ng paaralan o pribadong pag-aari o tumanggap ng nakaw na pag-aari.	07
h.	Tabako o Mga Bagay na may Nikotino	Pagkakaroon, namimigay, o gumamit ng tabako, o anumang bagay na nagtataglay ng tabako o nikotino. Ang pang-apat na pagkasala ay kailangang isangguning mapatalsik.	08
i.	Kalaswaan / Kahalayan / Kabastusan	Nakagawa ng mahalay na kilos o nasangkot sa kinaugaliang kahalayan o kabastusan.	09
j.	Bawal na Sangkap na Paraphernalia	Pagkakaroon, nag-alok, nakipag-ayos o nakipagkasundong magtinda ng anumang drogang paraphernalia.	10
k.	Pang-abala/Pagsuway	Nang-abala ng mga gawain sa paaralan o kusang pagsuway sa kapangyarihan ng mga pinuno ng paaralan.	11
l.	Pambubuska sa Kasarian (Baitang 4 hanggang 12)	Gumawa ng hindi kanaisnais na pagsasamantala, paghiling ng pakikipagtalik, at ibang pananalita, paningin, o ikinikilos ng katawan na humihikayat ng lubha o walang humpay na nagbibigay ng hindi magandang ibubunga sa pag-aaral ng mag-aaral o lumilikha ng pananakot, manggulo, o nakakatakot na kapaligiran sa pag-aaral.	13
m.	Nakasusuklam na Karahasan (Baitang 4 hanggang 12)	Naging dahilan, pananakot na naging dahilan, pagtangkang naging dahilan, o pagsali sa gawang pagkasuklam laban sa tao o pag-aari. y.	14
n.	Pagbanta at Pananakot	Nambuska, nanakot, o binantaan ang isang mag-aaral na isang saksi sa disiplinang paglilitis upang itigil ng mag-aaral na maging saksi o	15

PAKSA: **Pagpatalsik**

BILANG: **6295**

PAHINA: **4 NG 20**

MABISA: **1-29-62**

BINAGO: **9-15-14**

	Pagkakasala	Paglalarawan	Marka*
		paghigante laban sa mag-aaral sa pagiging saksi; nakasulat o sinabing pagbanta laban sa pinuno ng paaralan; o pananakot na naging dahilan ng malaking paninira ng pag-aari; pambubuli (kabilang ang gawaing elektronik). Tunghayan din ang Administrative Procedure 6381.	
o.	Pambubuska (Baitang 4 hanggang 12)	Nambuska, nanakot, binantaan ang isang mag-aaral o grupo ng mag-aaral o pinuno ng paaralan kasama ang magiging o inaasahang ibubunga na panggulo ng gawain sa silid-aralan, o paglikha ng malaking kaguluhan o paglikha ng nakakatakot o paggulo ng kapaligiran ng pag-aaral.	17
p.	Pambubugbog (Hazing)	Kasabuwat sa, o nagtangkang sumama sa, pambubugbog na inilalarawan sa Penal Code §245.6, Subdivision (b).	18

**Tungkol sa Report on Suspension form, Administrative Procedure 6290*

4. Ang isang mag-aaral ay maaaring masuspende sa mga gawaing nakalahad sa itaas at kaugnay sa mga gawain sa paaralan o pagdalo na nangyari sa anumang oras, subali't hindi hahangga sa, alinman sa mga sumusunod:
 - a. Habang nasa kapaligiran ng paaralan
 - b. Habang papunta o pauwi mula sa paaralan
 - c. Sa oras ng pananghalian, sa loob o labas ng paaralan
 - d. Habang, o samantalang papasok o pauwi, mula sa gawaing itinaguyod ng paaralan

Tandaan: Kapag ang isang mag-aaral ay naaresto sa labas ng paaralan, siya ay maaaring masuspende sa naturang oras o pagdating sa paaralan.

5. **Ang Kapangyariahag Magsuspende ang Punong-guro** ay nakabalangkas sa Administrative Procedure 6290.
6. **Pinahabang Panahon ng Suspensiyon.** Sa isang kasong ang pagpatalsik ay pinag-aaralan ng Board of Education, ang tagapamahala o ang kahalili, sa panulat, ay maaaring pahabain ang panahon ng suspensiyon hanggang ang Board of Education ay makapagpasiya sa gagawing hakbang. (Education Code §48911[g]) Ang pagpapahaba ng panahon ay maaaring igawad lamang kung ang tagapamahala o kahalili ay napgtantong, kasunod ang isang pulong kung saan ang mag-aaral at ang magulang/tagapag-alaga ng mag-aaral ay inaanyayahang sumali, na ang pagdating ng mag-aaral sa paaralan o sa isang kapalit na paaralan ay magiging mapanganib sa mga tao o pag-aaral o isang banta ng pagtuturo.

-
7. **Sapilitang Rekomendasyon para sa mga Pagkakasala sa Pagpatalsik Sang-ayon sa Education Code §48915(c) (All Students).** Ang punong-guro o ang kahalili ng paaralan ay dapat magsuspende at magrekomenda ng pagpatalsik sa isang mag-aaral na, pagkatapos ng pasisiyasat, ay napagtantong nakagawa ng mga sumusunod sa paaralan, tuwiran sa pagpunta o pauwi mula sa paaralan, o ginanap na may kinalaman sa paaralan.
- a. **Pakakaroon, pagtinda o kaya pagkaloob ng sandata.**
- (1) Ang pagkakaroon ng sandata ay dapat mapatunayan ng kawani ng distrito.
 - (2) Ang kahulugan ng isang “sandata”, sa 18 United States Code §921, ay bilang:
 - (a) Kahit anong baril (kabilang ang starter gun) maging ito o hugis na o maaaring magawang magbuga ng isang sumasabog.
 - (b) Ang hugis o tatangnan ng anumang sandata na nakalarawan sa itaas.
 - (c) Kahit anong firearm muffler o firearm silencer.
 - (d) Kahit anong nakakasirang kagamitan, kabilang:
 - i. Kahit anong sumasabog, nakakasunog, o gas na nakakalason (hal., bomba, granada, kuwitis na may nagtutulak na pailanglang ng higit sa apat na onsa, isang misil na may pampasabog ng higit sa ikaapat na bahagi ng onsa, isang mina o kaparis na kagamitan).
 - ii. Kahit anong sandata na, o maaaring madaling magawang, pagsabog nang malakas o ibang pumapailanlang, at dito may bariles na may butas na higit sa kalahating pulgada sa laki.
 - iii. Kahit anong magkakasamang bahagi na binuo o pakay ay gamiting isang kasangkapang nakakapinsala na nailarawan sa dalawang naunang halimbawa, at kung saang madaling mabuo ang isang nakakapinsalang kagamitan.
 - iv. Mga antigong sandata ay hindi kabilang sa inilarawan, o hindi mga karaniwang mga paputok na Class C.
- b. **Pagwagayway ng kutsilyo sa kapuwa.** Sa mga layunin ng patakarang ito, ang “pagwagayway” ay nangangahulugang “pagpakita o pagladlad ng nakakatakot na gawa.” Ginamit dito sa bahaging ito, ang “kutsilyo” ay nangangahulugan ng patalim, punyal, o ibang sandatang may matalim na gilid bagay na pansaksak, isang sandata na may talim na mas mahaba kaysa 3 ½ pulgada, natutuping kutsilyo na may talim na nasasarhan, o labaha na walang sarahan ang talim.
- c. **Labag sa batas na pagtitinda ng ipinagbabawal na sangkap** na nakasaad Health and Safety Code §11053 *et seq.*
- d. Binigyang kahulugan sa Education Code §48900(n), **ang pagkakasala o pagtangkang magkasala sa paglusob sa kasarian o kasariang pagsalakay o pagkakasala sa kasariang panggugulpe**

PAKSA: **Pagpatalsik**

BILANG: **6295**

PAHINA: **6 NG 20**

MABISA: **1-29-62**

BINAGO: **9-15-14**

e. **Pagkakaroon ng pampasabog** na inilalarawan sa 18 United States Code §921.

8. Pagkatapos na pag-aralan ang mga katotohanan at mga nakita ng pinunong naglilitis o ng lupong nangangasiwa na hinirang sang-ayon sa Section C.16.c., ang Board of Education ay mag-uutos na mapatalsik ang mag-aaral na nagkasala sa nakasaad sa Section C.7.a.-e. Lahat ng nakasaad sa itaas na mga mungkahi para sa sapilitang pagpatalsik na pinagtibay ng Board of Education ay magiging para sa isang taon, maliban kung ang Board of Education ay maaaring magtakda ng mas maagang petsa para sa muling pagpasok na ibabatay sa bawa't kaso.
9. **Maingat na Pagpipiliang Rekomendasyon para sa** Pagpapatalsik sang-ayon sa Education Code §48915. Ang punong-guro ng paaralan ay maaaring magrekomenda ng pagpatalsik sa mga mag-aaral na nagkasala sa nakasaad sa Section C.3. Sa lahat ng kaso, ang punong-guro o kahalili ay dapat gumawa ng pagsisiyasat kabilang, subali't hindi hahangga sa, pagtatanong sa mag-aaral o mga mag-aaral na inaakusahang nagkasala, magtanong sa mga nakasaksi, at pagkalap ng mga katibayan, na nararapat. Kung ang punong-guro ay nagbabalak na irekomenda ang mag-aaral sa maingat na pagpipiliang pagpatalsik, dapat niyang tawagan ang Placement and Appeal Office para sa dapat gawin. Ang sumusunod na listahan ay nagsasaad ng ilang pangyayaring ang punong-guro ay maaaring magrekonda ng mag-aaral sa maingat na pagpipiliang pagpatalsik:
 - a. **Mga sandata, karahasan at paulit-ulit na pakikipag-away.** Ang punong-guro o ang kahalili ay maaaring magsuspende at magrekomenda sa pinatatsik na mag-aaral na may taglay na kutsilyo o kahit anong ibang mapanganib na bagay sa paaralan. Sa karagdagan, ang punong-guro ay maaaring magsuspende o magrekomenda sa pinatatsik na mag-aaral na nasangkot sa tatlo o higit na pangyayari sa pakikipag-away na nakasakit sa loob ng isang taon. Ang palakad na ito ay para sa mga mag-aaral sa middle at senior high school (baitang 6 hanggang 12). Ang isang bagay na ginamit sa pananakot ay masasabing sandata kahit na ang gamit nito ay hindi isang sandata. Ang punong-guro ay kaagad na sabihan ang Placement and Appeal Office ng suspensiyon at simulan ang pagsisiyasat para sa maaaring rekomendasyon ng pagpatalsik. Sa mga pagkakataong ang mga mag-aaral ay lumabag sa Penal Codes tungkol sa mga sandata, ang School Police Services o ang San Diego Police Department ay dapat sabihan.
 - b. **Alak, tabako at ibang droga.** Ang palakad ng distrito sa pang-aabuso ng sangkap ay nagsasaad ng posibleng rekomendasyon sa pagpatalsik sa unang pangyayari ng pagbigay o pagkakaroon ng higit sa dami ng sariling gamit, at ang pangatlong paglabag sa paggamit at pagkakaroon ng anumang mapanganib o ipinagbabawal na sangkap, maliban sa tabako. Sa ikaapat na paglabag sa palakad tungkol sa tabako, ang mag-aaral ay maaaring masuspended ng limang araw na posibleng rekomendayong mapatalsik. Sa lahat ng kaso tungkol sa pamimigay o maraming beses na pagkakaroon/paggamit ng ipinagbabawal na sangkap, ang punong-guro ay tatawagan Placement and Appeal Office at sisimulan ang pagsiyasat para sa posibleng pagpatalsik. Sa mga kasong ang mag-aaral ay lumabag sa Penal Codes tungkol sa ipinagbabawal na sangkap, dapat sabihan ang School Police Services.
 - c. **Nakagawa ng malubhang pananakit sa kapuwa, maliban kung pagtatanggol sa sarili.** Kadalasan, ang pinsala ay tinitingnan at isinusulat ng isang dalubhasang medico (hal., nars, paramedic, manggagamot).

PAKSA: **Pagpatalsik**

BILANG: **6295**

PAHINA: **7 NG 20**

MABISA: **1-29-62**

BINAGO: **9-15-14**

- d. **Pagnanakaw o pamimilit.**
 - e. **Pagsalakay or paggulpe**, na sinasaad sa Penal Code §240 at 242, sa sinumang kawani ng paaralan.
10. Matapos pag-aralan ang mga katotohanan at mga nakita mula sa pinunong naglilitis o ang lupong nangangasiwang hinirang sang-ayon sa Section C.16.c., ang Board of Education ay maaaring mag-utos na mapatalsik ang mag-aaral pagkakitang ang mag-aaral na nagkasala ay maaaring masuspende at irekomenda ng pagpatalsik, at kahit alin sa mga sumusunod ay ilalapat sa mag-aaral:
 - a. Ibang paraan ng pagbabago ay hindi maaaring ilapat o paulit-ulit na nabigo sa pagbigay sa nararapat na pag-aasal.
 - b. Dahil sa uri ng pagkakasala o paglabag, ang pagpasok ng mag-aaral ay magiging dahilan ng patuloy na panganib sa kaligtasan ng mag-aaral at ng iba.
 11. Sa oras ng pagpatalsik sa mag-aaral ay ipinag-utos ng isang hakbang maliban sa nakasaad sa Section C.7.a.-e., ang Board of Education ay magtatakda ng petsa, na hindi lalampas sa huling araw ng semestre kasunod ng semestrong nangyari ang pagpatalsik, kung kailan ang mag-aaral ay pag-aaralang bumalik sa paaralang distrito o sa huling paaralang pinasukan ng mag-aaral.
 12. **Mga Mag-aaral sa Elementarya.** Sang-ayon sa Education Code §48900.2, 48900.3, at 48900.4, ang mga mag-aaral sa baitang K-3 ay maaaring hindi masuspende o irekomenda sa pagpatalsik sa pambubuska sa kasarian (Section C.3.l.), marahas na pagkasuklam (Section C.3.m.) o pambubuska (Section C.3.o.). Samanatalang ang mga mag-aaral sa elementarya ay hindi isasantabi sa sapilitan at tuwirang maingat na mga rekomendasyon sa pagpatalsik, titiyakin ng mga punong-guro na maraming pamagitan ang isasagawa at pagsubaybay bago magbigay ng rekomendasyon sa pagpatalsik.
 - a. Lahat ng mag-aaral sa elementarya na nakagawa ng matinding pagkakasala subali't hindi inirekomenda na mapatalsik ay maaaring masuspende sang-ayon sa mga gabay na nakasaad sa Administrative Procedure 6290. Sa karagdagan, ang mga punong-guro sa elementary ay magbubuo ng lupong tagapagdisiplina sa paaralan upang malaman kung ang naturang pamagitan ay kailangang ilapat sa nagawa ng mag-aaral. Isang ulat ng pagpapasiya ng lupong tagapagdisiplina ay dapat ihanda ng punong-guro para sa Placement and Appeal Office at ng paaralang Area Superintendent. Ang Placement and Appeal Office ay gagawa ng taonang ulat sa Board of Education kasama ang impormasyon tungkol sa bilang ng mga mag-aaral na nasuspende sa patakarang ito sa bawa't paaralang elementarya.
 13. **Mga mag-aaral na may kapansanan.**
 - a. **Pagbunyag ng napagpasiyahan.** Sa isang bagay na isinasama ang isang mag-aaral na may kapansanan na tumatanggap ng paglilingkod na special education, ang Board of Education ay maaaring mag-utos na ang mag-aaral ay mapatalsik, lamang kung napatunayan ng Board, batay sa pagpapasiya ng lupong Individualized Education Program (IEP) na:

-
- (1) Ang nagawa ng mag-aaral ay hindi dahil ng, o walang tuwiran at malaking kaugnayan sa, kapansanan ng mag-aaral.
- (2) Ang nagawa ng mag-aaral ay hindi tuwirang resulta ng bigong pagsagawa ng distrito ng IEP.
- b. Kung ang lupong IEP o ang ibang karapatdapat na pinuno ng distrito ay napagtantong ang alinmang pamantayang nakasaad sa Section C.13.a. ay hindi natupad, ang nagawa ay dapat bigyan ng pagsaalang-alang ang kapansanan ng mag-aaral.
- c. **Pagbigay-alam ng karapatan.** Ang magulang/tagapag-alaga ng mag-aaral ay dapat sabihan kaagad ang kapasiyahang inirekomendang pagpatalsik. Sa karagdagan, ang magulang/tagapag-alaga ng mag-aaral ay dapat pagkalooban ng sulat ng tamang hakbang sa patakaran at sabihan ng kaniyang karapatang sumali sa pulong ng lupong IEP.
- (1) Ang pagbigay-alam at pagtakda ng pulong ng lupong IEP. Ang pulong ng lupong IEP ay dapat ganapin sa loob ng sampung araw ng pasukan ng pasiyang pagrekomenda sa pagpatalsik at ng oras at lugar na kapuwa kombeniyente ang magulang/tagapag-alaga at mga pinuno ng paaralan. Ang panayam gamit ang telepono ay maaaring ipalit sa pulong ng lupong IEP. Sa karagdagan, ang magulang/tagapag-alaga ay dapat sabihan ng kanilang karapatang sumali sa pulong ng lupong IEP.
- d. **Mga Pagsaalang-alang ng Lupong IEP.**
- (1) Ang lupong IEP ay dapat isaalang-alang, sa inasal na ginagawaran ng pagpatalsik, ang lahat ng tamang impormasyon, kabilang ang pagtasa at pagsusuri sa resulta, mga resulta o ibang may kaugnayang impormasyong ibinigay ng magulang/tagapag-alaga ng mag-aaral, mga pagmamasiid ng mag-aaral, at ang IEP at kinalalagyan ng mag-aaral.
- (2) Ang lupong IEP ay dapat bumuo ng isang panukala ng pagtasa, kung kailangan, tuwing ang functional behavioral assessment o ang banghay ng pamagitan sa pag-uugali hindi ibinigay o isinagawa para sa mag-aaral bago ang pagpatalsik sa nagawang kasalanan. Kung ang mag-aaral ay mayroon nang banghay ng pamagitan sa pag-uugali, ang lupong IEP ay dapat suriin ang banghay at ang pagsasagawa nito, at baguhin ang banghay at ang pagsasagawa nito, kung kinakailangan, upang ituwid ang pag-uugali
- e. **Mga mag-aaral na hindi pa karapatdapat sa special education ang kaugnay na paglilingkod.** Ang mag-aaral na hindi pa nakilalang karapatdapat para sa special education at kaugnay na paglilingkod at inirekomenda na mapatalsik ay maaaring ipaglaban ang anumang proteksiyong nasa Section C.13.c.-d. kung nalalaman ng mga pinuno ng paaralan na ang mag-aaral ay may kapansanan bago nangyari ang kasalanan na naging dahilan ng rekomendasyon sa pagpatalsik ay nangyari. Ang pinuno ng paaralan ay may paniwalang alam na ang mag-aaral ay isang mag-aaral na may kapansanan kung ang alinman sa mga sumusunod ay nangyari:
- (1) Ang magulang/tagapag-alaga ay napagpahayag ng pagkabahala sa panulat sa nangangalaga o nangangasiwang pinuno ng nararapat na sangay ng pag-aaral,

PAKSA: **Pagpatalsik**

BILANG: **6295**

PAHINA: **9 NG 20**

MABISA: **1-29-62**

BINAGO: **9-15-14**

o ng isang guro ng mag-aaral, na ang mag-aaral ay nangangailangan ng special education at kaugnay na paglilingkod; o

- (2) Ang magulang/tagapag-alaga ay humiling na suriin ang mag-aaral; o
- (3) Ang guro ng mag-aaral, o ang ibang pinuno ng distrito, ay nagpahayag ng tuwirang pag-aalaala tungkol sa ipinapakitang ikinikilos ng mag-aaral sa Special Education Executive Director o sa ibang nangangasiwang pinuno ng distrito.

14. **Mga Mag-aaral na Karapatdapat sa Paglilingkod sa ilalim ng Section 504 ng Rehabilitation Act of 1973.** Ang Board of Education ay maaaring mag-utos na patalsikin ang isang mag-aaral, lamang kung nakitaan din ng Board, batay sa isang pasiya ng lupong nagtuturo, na ang ikinikilos ng mag-aaral ay walang kinalaman sa kapansanan ng mag-aaral.
15. **Mga Mag-aaral na nasa Foster Care sang-ayon sa AB 1909** (Education Code §48911). Pagkatanggap ng rekomendasyon ng pagpatalsik ng isang mag-aaral na nasa foster care, ang pinuno ng Placement and Appeal ay sasabihan ang Children and Youth ng Transition Department. Ang abogado ng mag-aaral at/o ang nararapat na kinatawan ng sangay ng county child welfare ay aanyayahang sumali sa lahat ng pulong at paglilitis na may kinalaman sa pagpatalsik.
16. **Mga tuntuning kinapapalooban ng mga patakaran sa pagpatalsik.**
 - a. Sa loob ng 30 araw ng pasukang nagpasiya ang punong-guro o ang kahalili na ang mag-aaral ay nakagawa ng pagkakasalang kung saan siya ay maaaring mapatalsik, ang mag-aaral ay pinahihitulan ng isang paglilitis upang malaman kung ang mag-aaral ay dapat na mapatalsik.
 - (1) Ang mag-aaral ay pinahihintulutan ng isang pagpapaibang-araw ng paglilitis sa pagpatalsik ng panahong hindi lalampas sa 30 araw ng kalendaryo; ang anumang karagdagang pagpapaibang-araw ay maaaring ipagkaloob sa maingat na pagpasiya ng Board of Education o ng kahalili.
 - (2) Kung ang pagtupad ng Board of Education sa mga hinihiling na panahon para gawin ang isang paglilitis ng pagpatalsik ay hindi maaaring gawin sa karaniwang paaralang taon, ang tagapamahala o ang kahalili ay maaaring sa mabuting dahilan, pahabain ang panahon para gawin ang paglilitis ng pagpatalsik ng limang karagdagang araw ng pasukan. Ang mga dahilan para sa pagpahaba ng panahon ay ibibilang na bahagi ng talaan kapag ang paglilitis sa pagpatalsik ay ginawa.
 - (3) Kung ang pagtupad ng Board of Education sa mga hinihiling na panahon para gawin ang isang paglilitis ng pagpatalsik ay hindi maaaring ganapin dahil sa summer meeting recess ng Board ng higit na dalawang linggo, ang mga araw sa recess period ay hindi ibibilang na araw ng pasukan sa pagtupad sa panahong hinihiling. Ang mga araw na hindi ibinibilang na mga araw ng pasukan sa pagtupad sa hinihiling na panahon para sa isang paglilitis ng pagtalsik dahil sa mga pulong ng summer recess of board ay hindi lalampas ng 20 araw ng pasukan, na nakasaad sa Section C.2.g, at liban kung hinihiling ng mag-aaral sa panulat na ang paglilitis sa pagpatalsik ay ipagpaliban, ang paglilitis ay gagawin ng hindi lalampas ng 20 araw ng kalendaryo bago ang unang araw ng pasukan

PAKSA: **Pagpatalsik**

BILANG: **6295**

PAHINA: **10 NG 20**

MABISA: **1-29-62**

BINAGO: **9-15-14**

ng paaralang taon. Ang mga dahilan para sa pagpahaba ng panahon ay ibibilang na bahagi ng talaan kapag ang paglilitis ng pagpatalsik ay ginawa.

- (4) Sa pagsimula ng paglilitis, ang mga bagay ay sisikapin at gagawing ganap na makatuwiran na walang nakakabalam na pagkaantala.

b. Nakasulat na surat ng paglilitis ay ipadadala sa mag-aaral at magulang/ tagapag-alaga ng hindi bababa ng sampung araw ng kalendaryo bago ang petsa ng paglilitis. Ang surat ay kabilang:

- (1) Petsa at lugar ng paglilitis.
- (2) Ang mga pangyayari at ibinibintang kung saan ang nasabing pagpatalsik ay ibinabatay.
- (3) Isang kopya ng mga tuntunin sa pagdisiplina ng distrito kaugnay sa ibinibintang na paglabag.
- (4) Ang pagkakataon para sa mag-aaral o magulang/tagapag-alagang dumating o magpadala at ikinakatawan ng tagapayo.
- (5) Ang karapatang magsiyasat at kumuha ng kopya ng lahat ng dokumento na gagamitin sa paglilitis.
- (6) Ang pagkakataong kausapin at magtanong sa lahat ng saksi na tetistigo sa paglilitis at tanungin ang lahat ng ibang mga katibayang inilahad.
- (7) Ang pagkakataong maglahad ng sasabihin at mga dokumentong katibayan sa panig ng mag-aaral, kabilang ang mga saksi.

c. **Lupong Magsusuri ng Pagpatalsik.** Sang-ayon sa Education Code §48918(d), ang Board of Education ay binibigyang kapangyarihan ang certificated administrators (retiro o pumapasok), tagapangasiwa sa paaralan, at ibang kahaliling may sertipiko na maglingkod bilang walang kinikilingang Expulsion Review Panel. Ang lupong ito ay binubuo ng hindi bababang tatlong taong sertipikado, walang kasaling kawani ng paaralan kung saang pumapasok ang mag-aaral.

- (1) Ang Expulsion Review Panel ay binubuo ng pinunong nangangasiwa at dalawang pang kasapi.
- (2) Ang Expulsion Review Panel ang mamumuno ng paglilitis sa rekomendasyon sa pagpatalsik ng punong-guro o tagapamahala sa isang pagpulong na nakasara sa publiko, maliban kung ang mag-aaral o magulang/tagapag-alaga ng mag-aaral ay nagbigay ng paghiling sa Placement and Appeal administrator, ng hindi bababa sa limang araw bago ang petsa ng paglilitis, na ang paglilitis ay gagawing publiko. Kahit na kung ang pagpatalsik ay gagawin sa nakasara o bukas sa publiko, ang Expulsion Review Panel ay maaaring makipagkita sa nakasarang pagpulong upang pag-usapan at kilalanin kung irerekomenda ang pagpatalsik sa isang mag-aaral.

-
- (3) Maliban kung nakasaad sa bahaging ito, walang kapasiyahang magpatalsik ang ibabatay lamang sa mga katibayang narinig.
- (a) Ang Board of Education o ang Expulsion Review Panel ay maaaring, sa pagkakanap ng nakabuting dahilan sa nangyari, pagpasiyahang ang ibinigay na saksi at mga katibayan ng saksi sa paglilitis ng sinumpaang pagpahayag ay hindi magiging dahilan upang manganib sa kapahamakan. Sa pagpasiya, ang mga patibay na pahayag ng saksi ay maaaring ilahad sa paglilitis bilang sinumpaang deklarasyon na pag-aaralan ng Board o ng lupon.
- (b) Mga kopya ng sinumpaang deklarasyon, binagong tanggalin ang pangalan at pagkilanlan ng saksi, ay magiging nakalaan sa mag-aaral.
- (4) Ang talaan ng paglilitis ay gagawin. Ang talaan ay mananatili sa anumang paraan, kabilang ang electronic recording, hanggang ang isang tamang nakasulat na paglilitis ay magawa.
- (5) Ang mga teknikal na mga tuntunin ng katibayan ay hindi nararapat sa paglilitis, subali't ang may kaugnayang katibayan ay maaaring tanggapin at bigyan ng maaaring halaga kung ito ay ang uri ng katibayan kung saan ang mga tao ay nakagawiang batayan sa masidhing nagawa. Ang pasiya ng Board of Education na magpatalsik ay susuportahan ng maraming katibayan na nagpapahayag na ang mag-aaral ay nakagawa ng kahit anong gawaing nakalahad sa Education Code §48900.
- (6) Kapag tinanggap ng Expulsion Review Panel ang sinumang ibang tao sa isang saradong paglilitis, ang mag-aaral, ang kaniyang magulang/tagapag-alaga, at ang tagapayo ng mag-aaral ay pahihintulatang dumalo sa saradong paglilitis.
- (7) Sa loob ng tatlong araw ng pasukan kasunod ng paglilitis, ang Expulsion Review Panel ay magpapasiya kung magrekomenda ng pagpatalsik sa mag-aaral sa Board of Education.
- (8) Kung nagpasiya ang Expulsion Review Panel na *hindi* magrekomenda ng pagpatalsik, ang paglilitis sa pagpatalsik ay tapos na.
- (a) Ang mag-aaral ay kaagad na babalik at papayagang pumasok sa silid-aralan ng paaralan, sa alinmang ibang programa ng pagtuturo, isang programa ng pagbabago, o itong magkakasamang programa. Ang paglagay sa isa o higit na programa ay gagawin ng Placement and Appeal Office pagkatapos ng pagpapayo ng pinuno ng paaralang distrito, kabilang ang mga guro ng mag-aaral, at kasama ang magulang/tagapag-alaga ng mag-aaral.
- (b) Ang pagpasiya na huwag magrekomenda ng pagpatalsik ay tinatapos.
- (9) Kung ang Expulsion Review Panel ay nagrerekomenda ng pagpatalsik, ang mga katibayan sa nangyari na sumusuporta sa pagrekomenda ay ihahanda at ibibigay sa Board of Education.

-
- (a) Ang lahat ng nahanapang pagpapatotoo at rekomendasyon ay batay lamang sa mga katibayang ibinigay sa paglilitis.
- (b) Kung tinanggap ng Board of Education ang rekomendasyon ng pagpatalsik, ang pagtanggap ay ibabatay pagkatapos ng pagsusuri ng mga nahanap na mga pagpapatunay at ang rekomendasyon ay ibibigay sa Expulsion Review Panel, o kapag ang resulta ng anumang karagdagang paglilitis, na ginawa sang-ayon sa bahaging ito, na maaaring ipag-utos ng board.
- d. **Mga tuntuning kinapapalooban ng mga patakaran sa pagpatalsik kasama ang mga pagkakasalang pagsalakay sa kasarian o panggugulpe sa kasarian.**
- (1) Kapag ang anumang pagkakasalang kinasasangkutan ng sexual assault o sexual battery, ang nagrereklamong saksi at ang akusadong (mga) mag-aaral ay papayuhan kaagad na tigilan ang pakikipag-usap sa isa't isa ng personal, sa telepono, o elektronik sa panahong nabimbin ang anumang pagpatalsik. (Ang pag-uutos na ito ay kabilang ang pag-iwas sa pagkikipag-usap at/o banggitin ang paglilitis sa mamahayag.)
- (2) Sa oras na ang pagpatalsik ay inirekomenda, ang nagrereklamong saksi ay pagkakalooban ng kopya nitong patakaran at payuhan ng kaniyang karapatang:
- (a) Tatanggap ng limang-araw na sulat ng itinakdang paglilitis sa inilalahad ng saksing nagrereklamo.
- (b) Magkaroon ng hanggang dalawang pinili niyang nakatatandang susuporta, na naroroon sa paglilitis sa oras na siya ay tetestigo.
- (c) Gawing sarado ang lugar ng paglilitis sa oras na sila ay tetestigo.
- (3) Ang paglilitis ng pagpatalsik ay maaaring ipagpaliban ng isang araw ng pasukan upang isaalang-alang ang espesyal na kalusugan, pag-iisip, o emosyonal na pangangailangan ng mag-aaral na isang nagrereklamong saksi kung saan ang kasalanan ay kasangkot ang pagsalakay sa kasarian o panggugulpe sa kasarian.
- (4) Sa isang paglilitis kung saan ang isang mag-aaral ay inaakusahang nagkasala o nagtangkang magkasala ng pagsalakay sa kasarian o panggugulpe sa kasarian, ang nagrereklamong saksi ay bibigyan ng limang-araw na sulat bago tatawaging sumaksi, at pahihintulutan ng hanggang dalawang pinili niyang susuporta, kabilang, subali't hindi hahangga sa magulang/tagapag-alaga o legal na tagapayo na naroroon sa kaniyang pagbigay ng testimonya. Bago ang nagrereklamong saksi ay makapagbigay ng testimonya, ang mga susuportang tao ay susulatan na ang paglilitis ay walang makakaalam. Wala sa bahaging ito ang makapagpigil sa nangangasiwang pinuno na tanggalin ang suportang tao kapag nakita ng nangangasiwang pinuno na gumagambala ito sa paglilitis. Kung ang isa o parehong suportang tao ay mga saksi rin, ang nakalahad sa Penal Code §868.5 ang susundin sa paglilitis.
- (5) Ang distrito ay magkakaloob ng walang takot na kapaligiran para sa nagrereklamong saksi upang makapagsalita siya nang mabuti at tama sa mga

karanasan bunga ng paglilitis na pagpatalsik, at upang maiwasan ang panghihina sa reklamo. Ang distrito ay magkakaloob ng hiwalay na kuwarto sa kuwarto ng paglilitis para magamit ng nagrereklamong saksi bago at sa pagitan ng paglilitis. Sa pagsusuri ng nangangasiwang pinuno, ang nagrereklamong saksi ay pahihintulutan ng makatuwirang panahon ng pamamahinga sa paglilitis at pagtatanong kung saan siya ay maaaring umalis sa kuwarto ng paglilitis. Ang nangangasiwang pinuno ng paglilitis ay maaaring makipag-ayos ng uupuan sa kuwarto ng paglilitis sa mga naroroon upang magkaroon ng isang lugar na hindi nakakatakot para sa nagrereklamong saksi. Ang taong nag-aayos ng paglilitis ay maaaring limitahan ang oras ng pagkuha ng testimonya ng nagrereklamong saksi sa oras na siya ay karaniwang nasa paaralan, kung hindi mabuti ang dahilan kapag kumuha ng testimonya sa ibang oras.

- (6) Kung ang paglilitis ay gagawin sa isang publikong pulong, at mayroong pagkakataong magkasala o magtangkang pagsalakay ng kasarian o panggulpe ng kasarian, ang nagrereklamong saksi ay may karapatang maringgan ang kaniyang testimoya sa pulong na sarado sa publiko kapag ang pagtestigo sa publikong pulong ay panganib sa malubhang pinsalang mararamdaman ng nagrereklamong saksi at walang kapalit na mga patakaran upang iwasan ang nagbabantang pinsala, kabilang, subali't hindi hahangga, pag-video ng mga katibayan o ang sunod-sunod na paglilitis sa ibang lugar na ang pinag-usapan ay maririnig mula sa kuwarto ng paglilitis sa pamamagitan ng nasa loob na telebisyon.
- (7) Sa mga paglilitis na kabilang ang alegasyong pagkakasala o tangkang pagsalakay sa kasarian o panggugulpe sa kasarian, ang katibayan sa tuwirang mga pangyayari ng nagrereklamang saksi, bago ang kasamaang nangyari sa kasarian ay inaakalang hindi matatanggap at hindi pakikilingan na walang katiyakan ng taong nangangasiwa ng paglilitis na magkaroon ng pambihirang pangyayaring kinakailangan ng katibayang pakikilingan. Bago magbigay ng katiyakan ang taong nangangasiwa ng paglilitis kung may pambihirang pangyayaring nangangailangan ng tuwirang pagkakataon ang nagrereklamong saksi bago pakinggan ang pangyayari sa kasarian, ang nagrereklamong saksi ay pagkakalooban ng sulat at ng pagkakataong maglahad ng pagtutol sa simula ng katibayan. Sa paglilitis sa pagtanggap ng katibayan, ang nagrereklamong saksi ay pahihintulutang magkaroon ng kinatawan na maaaring magulang/tagapagalaga, legal na tagapayo, o ibang sumusuportang tao. Ang karangalan o katibayang kuro-kuro tungkol sa pag-uugali sa kasarian ng nagrereklamong saksi ay hindi tinatanggap sa anumang paraan.

e. **Ang Board of Education Lamang ang maaaring magpatalsik sa isang mag-aaral.** Ang kapasiyahan ng Board of Education na patalsikin ang isang mag-aaral ay batay sa makatarungang katibayan kaugnay sa mga pagkakasalang ibinigay sa paglilitis ng pagpatalsik sa harap ng Expulsion Review Panel.

- (1) Ang huling hakbang ng pagpatalsik sa isang mag-aaral ay gawain lamang ng Board of Education sa publikong pulong.
- (2) Ang Board of Education ay maaaring tumawag ng saradong pulong upang pag-usapan at alamin kung ang rekomendasyon ng Expulsion Review Panel na magpatalsik ay dapat pagtibayin.

f. Pag-uutos ng pagpatalsik.

- (1) Isang pag-uutos ng pagpatalsik ay mananatiling mabisa hanggang sa panahong ang Board of Education ay nag-uutos ng muling pagpasok ng mag-aaral.
- (2) Ang Board of Education ay magrekomenda ng isang planong pagbabagong-buhay para sa mag-aaral sa oras ng utos na pagpatalsik na maaaring kabilang, subali't hindi hahangga, madalas na pagsusuri at pagtasa sa panahon ng aplikasyon sa muling pagpasok. Ang plano rin ay maaaring kabilang ang rekomendasyon sa pagpayo, pagtrabaho, paglingkod sa bayan, o ibang mga programa sa pagbabagong-buhay.
- (3) Ang pasiya ng Board of Education na magpatalsik ay mag-uutos rin na tawagan ng mag-aaral ang Placement and Appeal Office bago matapos ang huling semestre ng pagpatalsik. Aalamin ng Placement and Appeal Office ang nararapat na paglalagyan sa mag-aaral sa pagbalik sa paaralan, na tinitingnan ang lagay ng pagkakasalang naging dahilan ng pagkapatalsik, at ang kalusugan, kaligtasan, at kalagayan ng lahat ng kawani at mag-aaral ng distrito.

g. Proseso ng muling pagpasok/planong pagbabagong-buhay.

- (1) Ang Board of Education ay magrekomenda ng isang planong pagbabagong buhay ng mag-aaral sa oras na ipinag-utos ang pagpatalsik na maaaring kabilang, subali't hindi hahangga sa, malimit na pagsuri gayundin ang pagtasa sa oras na pag-aralan ang pagbalik sa pagpasok. Ang plano ay maaari ring kabilang ang rekomendasyon para mapabuti ang pag-aaral, pagtuturo, pagtasa sa special education, pagsasanay ng trabaho, pagpayo, pagpasok sa trabaho, paglilingkod sa bayan, o ibang mga programa sa pagbabago.
- (2) Kapag natapos ang proseso ng muling pagpasok, ang Board of Education ay tatanggaping muli ang mag-aaral maliban kung ang napag-alaman ng Board na ang mag-aaral ay hindi pa nakatupad sa mga kondisyon sa planong pagbabago o patuloy na nagpapakita ng panganib sa kaligtasan ng paaralan o sa ibang mag-aaral o kawani ng distritong paaralan. Isang paglalarawan ng prosesong muling pagpasok ang gagawin para sa mag-aaral at magulang/tagapag-alaga sa oras na sinimulan ang ipinag-utos na pagpatalsik.
- (3) Kung ang Board of Education ay hindi tinanggap ang muling pagpasok ng isang napatalsik na mag-aaral, ang Board ay gagawa ng kapasiyahang maaaring magpatuloy ang paglagay sa mag-aaral sa kapalit na programang kapalit sa pag-aaral na pinili para sa mag-aaral noong ipinag-utos ang pagpatalsik o ilagay ang mag-aaral sa ibang programang maaaring kabilang, subali't hindi hahangga sa, na naglilingkod sa mga mag-aaral na napatalsik, kabilang ang paglagay sa isang pambayang paaralan.
- (4) Ang Board of Education ay magkakaloob ng nakasulat na liham sa napatalsik na mag-aaral at sa magulang/tagapag-alaga na naglalarawan ng mga dahilan sa pagtanggap sa mag-aaral ng muling pagpasok sa regular na programa ng distritong paaralan. Ang nakasulat na liham ay kabilang din ang katiyakan ng programa sa pag-aaral para sa mag-aaral. Ang napatalsik na mag-aaral ay

PAKSA: **Pagpatalsik**

BILANG: **6295**

PAHINA: **15 NG 20**

MABISA: **1-29-62**

BINAGO: **9-15-14**

papasok sa naturng programa ng pag-aaral maliban kung ang magulang/
tagapag-alaga ay pipiliing pumasok ang mag-aaral sa ibang paaralang distrito.

h. Suspensiyon na ipinag-uutos na mapatalsik.

- (1) Ang Board of Education, sa pagpasiyang patalsikin ang isang mag-aaral, ay maaaring suspendehen ang ipinag-uutos na pagpatalsik sa panahong hindi lalampas ng isang kalendaryong taon at maaaring, bilang isang kalagayan ng pagpatupad ng suspensiyon, ilagay ang mag-aaral sa isang paaralan, klase, o programang narapat para sa pagbabago ng mag-aaral.
 - (a) Sa panahon ng pagsuspende ng isang ipinag-uutos na pagpatalsik, ang mag-aaral ay nasa kalagayan ng pagsubok.
 - (b) Ang pagsuspende ng ipinag-uutos na pagpatalsik ay maaaring baguhin ng Board of Education kung ang mag-aaral ay nagkasala sa alinmang nakalahad sa Education Code §48900 o lumabag sa alinmang tuntunin o patakaran ng distrito tungkol sa pag-uugali ng mag-aaral.
- (2) Kapag sapat na nagawa ng mag-aaral ang itinakdang pagbabago, ang Board of Education ay muling papapasukin ang mag-aaral. Sa muling pagpasok, ang Board ay mag-uutos na sirain ang anuman o lahat ng talaan sa paglilitis ng pagpatalsik.

i. Pagwalang bisa ng nasuspendeng pagpatalsik. Kung ang isang mag-aaral na nasuspende ng pagpatalsik ay nakagawa ng kahit anong nakasaad sa Education Code §48900 o lumabag ng alinmang tuntunin o regulasyon ng distrito tungkol sa asal ng mag-aaral, ang naturang mag-aaral ay maaaring marekomenda para mapawalang bisa ang nasuspendeng pagpatalsik at papalitan ang kinalalagyan.

- (1) Pagkatanggap ng rekomendasyon para mapawalang bisa ang nasuspendeng pagpatalsik, ang Placement and Appeal Office ay magpapadala ng sulat sa magulang/tagapag-alaga ng mag-aaral na nagpapayo ng rekomendasyon at ng karapatang humiling ng pagpulong sa Placement and Appeal personnel.
- (2) Isang pulong kasama ang magulang/tagapag-alaga ang gaganapin bago ang petsa ng kaso ay ibibigay sa Board of Education. Kung ito ay mapagpasiyahan na ang rekomendasyon ay ipagpapatuloy, o kung ang magulang/tagapag-alaga ay pipiliing hindi hihiling ng pulong, ang kaso ay ibibigay sa Board of Education para sa dapat gawin. Sa oras na yaon, ang Board of Education ay mag-uutos na ang nasuspendeng pagpatalsik ay mapawalang-saysay at ang paglalagyan sa mag-aaral ay mapapalitan.

j. Mga Panawagan. Ang isang mag-aaral ay maaaring manawagan ng pasiyang mapatalsik sa paglagak, sa loob ng 30 araw sa petsa ng pagpasiya, ng isang panawagan sa County Board of Education. Ang pasiya ng Board of Education na suspendehen ang isang pagpatalsik ay hindi makakaapekto sa oras at mga hinahanap para maglagak ng panawagan sa ipinag-uutos na pagpatalsik ng County Board of Education.

PAKSA: **Pagpatalsik**

BILANG: **6295**

PAHINA: **16 NG 20**

MABISA: **1-29-62**

BINAGO: **9-15-14**

17. **Pagpasok ng mga napatalsik na mag-aaral mula sa ibang paaralang distrito.** Ang Education Code §48915.1 ay nagkakaloob na:

- a. Kapag ang isang mag-aaral ay napatalsik sa gawaing maliban sa mga nakalarawan sa Education Code §48915(a) or (c), ang distrito ay maaaring tumanggi ng pagpasok sa nalalabing panahon ng pagkatalsik, pagkatapos ng paglilitis at ang katiyakang ang mag-aaral ay maaaring maging panganib sa mga mag-aaral at kawani ng distrito.
- b. Kung, pagkatapos ng paglilitis, napag-alamang ang mag-aaral ay hindi magbibigay ng panganib, ang mag-aaral ay papayagang pumasok kapag siya ay napatunayang legal na naninirahan sa distrito o pumapasok sang-ayon sa kasunduan sa paglipat sa ibang distrito.
- c. Sa ganitong mga kaso, ang paglilitis ay magiging sa harap ng naglilitis na pinuno at gaganapin sang-ayon sa isinasaad sa Education Code §48918. Ang distrito ay maaaring humiling ng impormasyon tungkol sa mag-aaral galing sa unang paaralang distrito. Ang distritong unang pinasukan ay dapat sumagot sa mga hinihiling sa loob ng limang araw ng pagkatanggap.
- d. Ang naglilitis na pinuno ay maaaring magrekomenda, at ang Board of Education ay mayroong, ang sumusunod na pagpipilian ng pagtanggap sa pagpasok.
 - (1) Tanggihang pumasok
 - (2) Payagang pumasok
 - (3) Payagang may paghigpit sa pagpasok sa isang programang regular na paaralan o ibang programa ng pag-aaral

D. PAGESASAGAWA

1. **Punong-guro o kahalili.**

- a. Mamumuno sa pagsiyasat na kabilang, subali't hindi hahangga sa pagtatanong sa (mga) mag-aaral na inakusahan ng paglabag, pagtatanong sa mga naging saksi at pagkalap ng mga katibayan, na nararapat. Kung ang punong-guro ay iniisip na irekomenda ang mag-aaral sa maaaring mapatalsik, tatawag siya sa Placement and Appeal Office para sa karagdagang gagawin.
 - (1) Ang pagpapatupad ng batas ay hindi pinipigilan ang punong-guro o ang kahalili sa pamumuno ng kaniyang sariling pagsisiyasat. Kahit na ang mga nangangasiwa ay nakikipagtulungan sa mga pinunong nagpapatupad ng batas, ang punong-guro o ang kahalili ay tungkuling mamuno ng pagsisiyasat, na nakabalangkas sa Administrative Procedure 6290.
- b. Ang pagsusuri sa mga pahayag sa nangyari at magiging simula ng pagtiyak kung ang mag-aaral ay nakagawa ng pagkakasala na kaniyang dapat o maaaring irekomenda para mapatalsik (Sections C.3, C.7.-9.).

PAKSA: **Pagpatalsik**

BILANG: **6295**

PAHINA: **17 NG 20**

MABISA: **1-29-62**

BINAGO: **9-15-14**

-
- c. Kapag ang mag-aaral ay inirekomenda para masuspende sa anumang dahilan na kinakailangan ng pagbigay-alam sa pulis na nakasaad sa Report on Suspension (Administrative Procedure 6290):
- (1) Tumawag sa School Police Services sa 619-291-7678 para sa dapat gawin.
 - (2) Kung kailangan, panatilihin ang mag-aaral sa paaralan, kung maaari at walang pamimilit hanggang dumating ang pulis. Kasunod ng pagsisiyasat, kung napagtanto ng pulis na may nangyaring karahasan at ang pag-aresto ay dapat gawin, titiyaking ng police officer ang nararapat na paglagyan sa mag-aaral. Ang pagsasaayos ng kalalagyan ay kabilang ang pagbalik sa mag-aaral sa paaralan, pagbalik ng mag-aaral sa magulang/tagapag-alaga, o paglagay sa mag-aaral sa ligtas na pag-aruga.
 - (3) Kapag ang mag-aaral ay inaresto ng police officer, maaaring masuspende ang mag-aaral sa oras na iyon o sa pagbalik niya sa paaralan.
- d. Tiyakin ang karapatan ng mag-aaral sa tamang proseso na nakabalangkas sa Administrative Procedure 6290.
- e. Kung pagkatapos ng pagsiyasat ay napagtanto na suspensiyon ay napatunayan, igagawad sa naturang nagkasala ang limang-araw na suspensiyon na nakabalangkas sa Administrative Procedure 6290.
- f. Pag-aaralan kung ang pagpatalsik ay dapat irekomenda. Kung ang punong-guro ay magrerekomenda ng pagpatalsik, sumangguni sa Placement and Appeal Office para sa nararapat na hakbang. Kung pagkatapos ng karagdagang pagsiyasat napagtanto na ang pangyayari ay hindi malubha sa unang tingin, maaaring ayusin ang kaso sa paaralan at gamitin ang mga paglilingkod ng mga tagapayo sa paaralan at ibang pangunahing pinuno. Sa pakikipagtulungan aabot ng kapasiyahan kasama ang Placement and Appeal administrator o kahalili. Sa ilang pagkakataon ang pagsali ng Legal Services o ng Area Superintendent ay karapatdapat.

2. **Tagapangasiwa ng Placement and Appeal.**

- a. Nagtatakda ng mga tungkulin ng mga pinuno ng Placement and Appeal (hal., tagapayo o case manager).
- b. Nagtatakda ng mga tungkulin ng Special Education Division upang suriin ang talaan upang pasiyahan ang maaaring karagdagang pagtasa.
- c. Pagkatapos ng pulong kasama ang mag-aaral at magulang/tagapag-alaga, nagpapasiya kung pahahabain o tatapusin ang suspensiyon ng mag-aaral; maaaring ilagay ang mag-aaral sa isang kahaliling lugar na paaralan, kabilang ang nagsasariling pag-aaral. Ang pagpasayang pahabain ang suspensiyon ay dapat batay sa mga nahanap na ang pagpasok ng mag-aaral sa paaralan ay magbibigay ng panganib sa mga tao o pag-aari, o isang banta na paggambala ng pag-aaral.
 - (1) Kung ang pasiya ay tapusin ang suspensiyon at ilagay ang mag-aaral sa isang kapalit na lugar habang hinihintay ang paglilitis ng pagpatalsik, aayusin para sa nararapat na paglalagyan.

- (2) Kung ang pasiya ay pahabain ang suspensiyon, dapat sabihan ang magulang/tagapag-alaga ng mag-aaral at maaaring isangguni ang mag-aaral sa programang nagsasariling pag-aaral.
- d. Kinatawan ng distrito sa paglilitis ng pagpatalsik; tinitiyak na ang paglilitis ay tamang inirekord at lahat ng patakaran ay sinusunod; maaaring humiling ng tulong sa Legal Services kung kinakailangan.
- e. Magbibigay ng mga kinalabasan ng Expulsion Review Panel at ibang paglilitis sa Board of Education sa panahon ng closed session.
3. **Tagapayo ng Placement and Appeal (o ibang kahalili).**
- a. Sinusuri ang mga pangyayari sa kaso.
- b. Bigyang alam ang mag-aaral at magulang/tagapag-alaga ng karapatan sa tamang proseso.
- c. Namumuno at gumagawa ng tuwirang pagtawag sa inaakusahang nagkasala at ang magulang-tagapag-alaga upang malaman ang pansamantalang paglalagyan habang hinihintay ang paglilitis.
- d. Magkaloob ng kasunod na pagpayo at paglalagyan bilang resulta ng kapasiyahan ng Expulsion Review Panel at Board.
- e. Maglingkod bilang pinunong naglilitis para sa labas ng distritong mga paglilitis ng pagpatalsik na nagrerekomenda ng paglalagyan.
- f. Maglingkod bilang pinunong naglilitis sa Expulsion Review Panel, kung kinakailangan.
4. **Expulsion Review Panel.** Nagbubukas ng paglilitis sa pagpatalsik upang dinggin ang lahat ng nakasulat o sinasabing mga katibayan tungkol sa pangyayari o mag-aaral, na inaakalang mahalaga ng pinunong nangangasiwa. Kung makabubuti, maaaring humiling ng karagdagang kaalamang makukuha ng pinuno ng Placement and Appeal.
5. Kapag ang Expulsion Review Panel ay nagrekomenda ng pagpatalsik sa mag-aaral, ibibigay ng tagapangasiwa ng Placement and Appeal ang mga katibayan sa Expulsion Review Panel at ang mga pangyayari sa Board of Education sa igagawad na hakbang.
6. **Board of Education.**
- a. Maaaring tumawag ng saradong pintong pulong upang pag-usapan at pagpasiyahan kung ang rekomendasyon ng Expulsion Review Panel na patalsikin ang mag-aaral ay dapat pagtibayin.
- b. Kapag tinanggap ang rekomendasyon sa pagpatalsik, ang batayan sa pagtanggap ay maaaring sa isang pagsusuri sa mga nakalap na pangyayari at rekomendayong ibinigay ng Expulsion Review Panel o maaring sa resulta ng anumang karagdagang paglilitis ng Board na maaaring ipag-utos.

PAKSA: **Pagpatalsik**

BILANG: **6295**

PAHINA: **19 NG 20**

MABISA: **1-29-62**

BINAGO: **9-15-14**

-
- (1) Sa oras na ipinag-utos ang pagpatalsik sa mag-aaral, magtakda ng petsa na hindi lalampas sa huling araw ng semestre kasunod ng semestrong nangyari ang pagpatalsik, kung saan ang mag-aaral ay maaaring humiling ng muling pagtanggap sa distrito. Sa pagtatapos ng prosesong muling pagtanggap, ang Board ay hindi kinakailangang muling tanggapin ang nasabing mag-aaral.
 - (2) Maaaring magrekomenda ng isang planong pagbabago para sa mag-aaral.
 - (3) Sa pasiyang patalsikin, ipag-uutos sa mag-aaral na tawagan ang Placement and Appeal Office para sa nararapat na paglalagyan bago ang katapusan ng huling semestre ng pagpatalsik.
- c. Maaaring suspendehen ang ipinag-uutos na pagpatalsik ng hindi hihigit sa isang kalendaryong taon at maaaring, bilang kalagayan ng ipinag-uutos na suspensiyon, itakda ang mag-aaral sa isang paaralan, klase, o programang nararapat para sa pagbabago ng mag-aaral.
7. Sasabihan ng Placement and Appeal Office ang magulang/tagapag-alaga ng kapasiyahan ng Board of Education tungkol sa pagpatalsik at ng karapatang manawagan sa County Board of Education.
8. Ang **Paaralan** na papasukan ng mag-aaral na napatalsik galing sa ibang paaralang distrito. Sa pagkatanggap ng hiniling na pagpasok ng isang mag-aaral mula sa ibang paaralang distrito, ay maaaring magtanong sa mag-aaral o magulang/tagapag-alaga kung ang mag-aaral ay kasalukuyang napatalsik sa ibang distrito. Kapag oo:
- a. Isangguni ang mag-aaral sa Placement and Appeal Office.
 - b. Hihiling ang Placement and Appeal Office ng mga impormasyon sa pagpatalsik mula sa distritong pinanggalingan; magkaroon ng paglilitis sang-ayon sa mga isinasaad sa patakarang ito.
 - c. Titingnan ng pinunong lumilitis kung tatanggapin o kung ang mag-aaral ay nagtataglay ng malaking panganib sa mga mag-aaral o kawani ng distrito, pagpasiyahan kung dapat tanggapin ang mag-aaral, at magpadala ng rekomendasyon sa Board of Education mula sa Placement and Appeal administrator.
 - d. Magpapasiya ang Board of Education tungkol sa pagtanggap sa paaralan.
 - e. Ipagbibigay alam ng Placement and Appeal Office ang pasiya ng Board sa magulang/tagapag-alaga.
 - f. Kung ang agad na pagpasok ay tinanggihan, ang mag-aaral ay maaaring papasok sa nakalipas na orihinal na nagpatalsik.
9. Pagbigay alam sa (mga) Guro ng Mag-aaral na ang mga Nagawa ay mga Batayan ng Suspensiyon. (Education Code §49079)
- a. Sasabihan ang punong-guro o ang kahalili ng bawa't mag-aaral na nasangkot, o makatuwirang suspetsa na nasangkot sa anumang nagawang nakasaad sa Section C.3, kabilang ang ibang paaralan. Ang kaalamang ito ay maaaring batay sa anumang

PAKSA: **Pagpatalsik**

BILANG: **6295**

PAHINA: **20 NG 20**

MABISA: **1-29-62**

BINAGO: **9-15-14**

talaang itinatago ng distrito sa karaniwang pangangasiwa, o tumanggap mula sa sangay ng nagpapatupad na batas.

- b. Ang distrito, o ang distritong pinuno o kawani, ay hindi mananagot sa pagkaloob ng kaalaman na sang-ayon sa Section D.9.a. maliban kung napatunayan na ang impormasyon ay mali at na ang distrito, o distritong pinuno o kawani, ay alam o dapat alam na ang impormasyon ay mali, o ang impormasyon ay ipinagkaloob ng padalos-dalos na binalewala ang tama o ang mali.
- c. Ang isang pinuno o kawani ng distrito na alam na hindi nagkaloob ng kaalaman tungkol sa mag-aaral na nasangkot sa, o kung sinong makatuwirang hinihinalang kasangkot sa, sa mga nagawang nakasaad sa Section C.3. ay nakagawa ng isang pagkakasala.
- d. Ang anumang kaalamang natanggap ng (mga) guro sang-ayon sa Section D.9.a. ay dapat tinanggap nang may pagtitiwala sa limitadong layuning ipinagkaloob ito at hindi ipamimigay ng (mga) guro.

E. MGA PAPEL AT KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- 1. Ulat ng Suspensiyon, Administrative Procedure 6290
- 2. Sulat sa magulang/tagapag-alaga
- 3. Mga Palakad sa Pagdisiplina ng Mag-aaral, kabilang ang Uniform Discipline Plan, na makukuha sa websayt ng distrito sa <http://www.sandi.net/page/2668>

F. MGA ULAT AT TALAAN

- 1. Dapat itago ng Placement and Appeals Office na nararapat.

G. PINAGTIBAY NI



General Counsel, Legal Services
As to form and legality

H. INILATHALA NI



Chief of Staff